**INTERNATIONAL NAPASA ( May 28th, 2024 )**

## 1)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADUUIM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa June 1 (Saturday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***GAMBA OSAKA.*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 4:00 ng hapon. Ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 2)IMPORMASYON UKOL SA PAGSUSURI NG CANCER AT TUBERCOLUSIS

ガンと結核の健診のお知らせ

Ngayon ding taon ay magsasagawa ng pagsusuri ng ***CANCER*** at ***TUBERCULOSIS*** dito sa Hiratsuka City . Ang schedule at lugar ng pagpapasuri nang naka-grupo ay makikita sa ***Home Page*** ng Hiratsuka City. Kung mahigit sa 70 gulang ang magpapasuri ng Cancer ay walang bayad. At libre naman ang lahat sa pagpapasuri ng ***TUBERCULOSIS.***

1. Ang bayarin sa pagsusuri ng ***STOMACH CANCER*** para sa 40 taong gulang pataas ay nagkakahalaga ng **¥ 1400.**
2. Ang bayarin sa pagsusuri ng ***COLORECTAL CANCER*** para sa mga taong may edad 40 taon pataas, ay nagkakahalaga ng **¥ 500.**
3. Ang pagsusuri ng ***UTERINE CANCER*** para sa mga kababaihang may 20 taong gulang pataas ay nagkakahalaga ng **¥ 1000.**
4. Ang pagsusuri ng ***BREAST CANCER*** na may edad na even numbern ay **¥ 2000.**

Para sa mga gustong magpasuri ay sagutan ang ipinadalang impormasyong "***Pagsusuri ng Cancer*** at ***Tuberculosis*** sa bawat tahanan. Para sa iba pang katanungan ay makipag-alam sa ***HEALTH SECTION (KENKO KA)*** ng City Office. **Telephone No. 0463-55-3700 (0463-55-3700).**

## 3)IMPORMASYON UKOL SA NEUMOCOCCCAL VACCINE PARA SA MGA MATATANDA

高齢者のための肺炎球菌の予防注射のお知らせ

Kapag nagkaroon ng sakit na Neumococcus ay may panganib na magdulot ng malubhang sakit tulad ng Neumonia at Bronchitis kung kaya't kinakailangan ang pagpapabakuna. Magpabakuna sa mga Medikal Institusyon ng siyudad. Ang mga nabibilang dito ay mga may edad na 60 taong gulang pataas at ang bayaring halaga ay mga **¥ 3000**. Para sa mga katanungan ukol dito ay makipag-alam sa ***HEALTH SECTION (KENKO KA)*** ng City Office. **Telephone No. 0463-55-2111 (0463-55-2111).**

### 4)UKOL HULING PALUGIT SA PAGBABAYAD NG TAX SA HIRATSUKA CITY

平塚市の納税課より税金の納付期限のお知らせ

Sa May 31 ang huling palugit ng unang bahagi ng bayarin ng ***LIGHT VEHICLE TAX AT PROPERTY TAX***. Ipinapaalalang bayaran bago matapos ang petsang itinakda at kung hindi makakabayad bago matapos ang itinakdang palugit ay humingi ng payo sa ***TAX PAYMENT DIVISION (NOUZEIKA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-8769 (0463-21-8769).**

### 5)IMPORMASYON MULA SA HIRATSUKA CITIZEN CENTER

ひらつか市民センターからのお知らせ

1. Mula July 3 hanggang July 8 , ang Hiratsuka Civic Ativity Center ay sarado dahil sa Tanabata Festival na gaganapin mula July 5 hanggang July 8.

2. Ang mga grupo ng Citizen Civic Activity Center at ang pamahalaan ng Hiratsuka City ay nag-aanyaya kung sino man ang may mga panukala sa gaganaping pagdiriwang.

Ang panahon ng pag-aapply ay mula April 5 hanggang June 12. Para sa mga may katanungan ukol sa bagay na ito ay makipag-ugnayan sa ***HIRATSUKA CITY JOINT PROMOTION SECTION*** Telephone No. **0463-21-9618 ( 0463-21-9618 ).**